Sutter Health
CPMC



# Silid para sa Panandaliang Pananatili

Kung nangangailangan ka ng matutuluyan sa magdamag pagkatapos ng procedure sa iyo, maaari kang akomodahin sa aming Short Stay Unit (silid para sa panandaliang pananatili).

Ang Short Stay Unit sa CPMC ay mapagkukunan ng mahusay na pangangalagang diyagnostiko at terapyutiko. Ang unit na ito ay dinisenyo upang matulungan kang maghanda para sa iyong procedure, maisagawa dito at magpagaling dito – na lahat ay nasa parehong palapag. Hindi katulad ng karamihan sa mga silid para sa pangmatagalang pananatili sa ospital, ang mga short term unit ay nangangalaga ng mga silid na partikular na inihanda para sa pangangalaga ng isang pasyente kaagad matapos ang isang procedure.

Habang ang mga kama ay pareho sa silid sa ospital na pang-inpatient, ang magagamit na kagamitang pansubaybay at terapyutiko ay pinasadya para sa pangangalaga pagkatapos ng procedure. Pinapayagan nito ang isang mas maayos na proseso para sa mga pasyente. Gayundin, ang short stay unit ay may mga nars na nagpakadalubhasa sa pangangalaga pagkatapos ng procedure.

Alam namin na malamang na may mga katanungan ka tungkol sa panggagamot sa iyo. Ang mga doktor, nars at support team ay espesyal na sinanay para sa mga teknolohiya at procedure sa panggagamot sa iyo. Mula sa sandaling dumating ka, hinihikayat ka namin na ipaalam ang iyong mga pangangailangan sa aming tauhan. Layunin namin na tiyaking may kaalaman ka at kumportable. Nasa kamay ka ng mga espesyalistang nakatuon sa iyong kalusugan, at palaging handang tumulong.

## Ang Aming Misyon:

**Pakikiramay at husay sa paghahatid ng mga serbisyong pangkalusugan sa ating komunidad.**

---

**Nais namin para sa iyo ang pinakamahusay na karanasan tungo sa iyong pisikal at emosyunal na paggaling. Salamat dahil ipinagkatiwala mo ang iyong pangangalaga sa aming grupo ng CPMC.**



## Paradahan

Magagamit ang paradahan sa garahe ng ospital; pumasok sa Geary Boulevard. Ang pamamalagi ng higit sa anim na oras ay aabot sa $35 na pinakamataas na arawang bayad. Maaari kang humiling ng isang voucher ng diskwento sa check-in desk na nasa ika-apat na palapag.

## Pagkain

Ang mga pasyente ay maaaring mag-order mula sa menu ng serbisyong pansilid mula alas-7 ng umaga hanggang alas-6:30 ng gabi. Sa labas ng mga oras na iyon, maaaring bumili ng malalamig na pagkain (cold tray) at meryenda.

## Mga Bisita

Sa panahon ng pampublikong emerhensiyang pangkalusugan na COVID-19, nagsasagawa kami ng labis na pag-iingat upang makatulong na mabawasan ang panganib ng pagkalat ng sakit. Para sa pangkasalukuyang impormasyon para sa bisita, mangyaring tingnan ang kalakip tungkol sa aming mga patakaran sa panahon ng COVID-19 na pandemya.

## Mga Tauhang Mahihingan ng Tulong

Ang mga tauhan ay espesyal na sinanay upang makatulong sa iyong mabilis na pagpapagaling sa pamamagitan ng masusing pagmamasid. Hinihimok namin ang paglalakad sa umagang-umaga. Babangon ka at maglalakad sa hallway nang madalas. Mangyaring huwag mag-atubiling tumawag para sa tulong sa anumang mga alalahanin.

## Mga Kagamitan sa Silid

Habang ang mga silid sa short stay unit ay mas maliit kaysa sa isang silid pang-ospital na pang-long term at walang mga bintana, ang bawat silid ay pribado, tahimik at malinis. Ang mga silid ay may mga karaniwang kama sa ospital na makatutulong sa iyong pagpapahinga at paggaling. Ang bawat silid ay may TV na may access sa cable, mga pagpipiliang musika at mga video na pang-edukasyon sa kalusugan, at mayroong Wi-Fi internet. Bawat silid ay mayroon ding lababo, ngunit walang banyo. Ang banyo para sa lahat ay nasa lugar na madaling puntahan at maayos na pinangangalagaan.

## Proseso ng Checkout

Mayroon kaming layunin na pagpapalabas ng alas-9 ng umaga. Nakakatulong ito upang matugunan ang pangangailangan na panatilihin ang procedure na pang-outpatient nang hindi lalampas sa 24 oras. Tatanungin ng iyong nars ang tinatangkilik mong botika para maaari nang direktang ipadala ang mga reseta doon. Titingnan ka ng iyong clinical provider nang maaga sa umaga (bandang alas-8 ng umaga).

Kakailanganin mong magtalaga ng tao para magmaneho o samahan ka sa bahay. Maaaring tawagan ng aming tauhan ang taong iyon upang suriin ang iyong proseso ng paglabas at lahat ng mga tagubiling kinakailangan sa bahay upang matulungan kang makapagpagaling nang maayos.

Ang isang maayos na proseso ng paglabas sa pagitan mo at ng iyong medikal na grupo ay tumutulong na mas mapabuti ang iyong patuloy na pagpapagaling sa bahay.

Sutter Health
CPMC

20-CPMC-0017045